Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION
Regional Office III

RELEASED
MAR 31 2022
CHEDRO III

CHEDRO-III MEMORANDUM
No. 046, s. 2022

For : **LAHAT NG PANGULO / PINUNO NG MGA INSTITUSYON NG MATAAS NA EDUKASYON SA REGION III NA MAY DI-GRADWADONG MAG-AARAL NG SIKOLOHIYANG PILIPINO**

Subject : **Pambansang Kumperensiya para sa mga 'Di-Gradwadong Mag-aaral ng Sikolohiyang Pilipino**

Date : **29 March 2022**

---

Ang Tanggapang ito ay nag-eendorso sa paksang gawaing "Pambansang Kumperensiya para sa mga 'Di-Gradwadong Mag-aaral ng Sikolohiyang Pilipino" na gaganapin sa Mayo 6-7, 2022. Ang nasabing kumperensya ay inorganisa ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

Inaanyayahan ang lahat ng mga 'di-gradwadong mag-aaral ng Sikolohiya na may pananaliksik sa SP na magpasa sa paparating na Psynergy XIV!

Bukas ito sa lahat ng pag-aaral patungkol sa mga kultural na konseptong sikolohikal, identidad, pagpapahalagang Pilipino, wika, sikolohiya ng LGBT, pakikipag-ugnayan, migrasyon, isyung panlipunan, atbp. na makakatulong sa pag-unawa ng karanasan ng mga Pilipino. Ang mga papel ay maaaring kwantitatibo, kwalitatibo, o mixed-method.

Ang mga mapipiling papel ay maglalahad sa mga sabayang sesyon ng kumperensiya. Bukod pa riyan, may tsansa ring gawaran ang pinakamahuhusay na pag-aaral bilang 'Natatanging Papel Pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino'.

Ang huling araw ng pagsusumite ng manuskrito ay sa ABRIL 22, 2020.
Link para sa pagsusumite: bit.ly/PsynergyXIVPaperSubmission

Kung may karagdagang katanungan tungkol sa kumperensya, maaaring makipag-ugnayan ang mga interesadong lumahok sa Secretariat, Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino *(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.) sa mga sumusunod nilang contact: Telepono na* (0922) 875-1440 / (0916) 211-4973; email

pssponline@gmail.com / secretariat@pssp.org.ph; website http://www.pssp.org.ph/; at Facebook/Instagram/Twitter/YouTube: pssponline.

Kung may iba pang karagdagang katanungan hinggil sa naturang kumperensya, maaring makipag ugnayan kay Dr. Mildred M. Libot, Supervising Education Program Specialist, CHEDRO-Central Luzon at chedro3@ched.gov.ph.

Para sa boluntaryong paglahok ng lahat ng kinauukulan.

**DR. LEONIDA B. SIGUA-CALAGUI, LLB, CESO III**
Director IV

Reference:
Panawagan sa mga Papel Pananaliksik:PSYnergy XIV
Secretariat, National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc